

# Mag-apply ng Insurance Liability ng Bisikleta

Kahit bisikleta maaari rin na maimbistigahan kapag naka disgrasya 「responsabilidad ng naka disgrasya」.

## Maaaring ikaw ang makapinsala ?



Sa akala mo ba, ang bisikleta ay magaan lang ang papasaning responsabilidad kapag nakabunggo.

Kapag ang aksidente sa trapiko ay may kaugnayan sa taong naglalakad, bisikleta at sasakyan, kadalasan ang tao at ang bisikleta ang napipinsala. Nang dahil dito, ang taong naglalakad at ang bisikleta ay tinatawag 「vulnerable road users」. Kaya naman may mga taong naglalakad at taong nakabisikleta na akala ay 「Ako ang napinsala. Siya ang may kasalanan」. Pero, talaga bang walang responsabilidad ang ang taong naglalakad o taong nakabisikleta? Paano kapag nakadisgrasya at napinsala o namatay ang taong nabunggo . . .

● Papasaning responsabilidad ng nakabisikleta kapag nakadisgrasya.

(Bisikleta lang naman... Ok lang !Ang ganitong katuwiran ang nagiging dahilan ng aksidente) Ito ay isang paglabag sa batas .Kapag nakabundol, maaaring makasuhan ng,

「CRIMINAL LIABILITY」、kapag nasugatan ang nabunggo 「CIVIL LIABILITY FOR COMPENSATION OF DAMAGE」.

### CRIMINAL LIABILITY

Kapag 14 yrs. old pataas ang responsabilidad ay ibabase sa Juvenile Law.

### CIVIL LIABILITY

Responsabilidad ng naka-bundol na bayaran ang napinsalang tao.

### MORAL LIABILITY

Responsabilidad na dalawin ang taong napinsala at taos pusong humingi ng paumanhin .

● Halimbawa ng malaking halaga na babayaran ( Kahit bisikleta , maaaring pagbayarin ng malaking halaga.)



**MAGBABAYAD NG 26,500,000 YEN ANG ESTUDYANTE**

**Nagpapatokbo sa kanan ng naaksidente**

Ang estudyante ay dumaan sa bandang kanan ng kalsada. Nabunggo niya ang nakasalubong niyang babae. Natumba ito at nabugbog ang katawan. Dahil dito, kinabukasan namatay ang babae. Kailangang magbayad ang estudyante ng halagang 26,500,000 yen sa naging pinsala.



**MAGBABAYAD NG 40,320,000 YEN ANG ESTUDYANTE**

**Naaksidente dahil sa Paglabag sa Traffic Rules**

Umaga nang ang lalaking estudyante ay patawid sa pedestrian lane na may stop light. Nabunggo niya ang isang lalaki. Makalipas ang 13 araw, namatay ang lalaki. Kailangang magbayad ang estudyante ng halagang 40,320,000 yen sa naging pinsala.



**MAGBABAYAD NG 50,000,000 YEN ANG ESTUDYANTE**

**Naaksidente habang nakikipag-usap sa Cellphone**

Gabi nang ang estudyanteng babae ay nagpapatokbo ng bisikleta ng walang ilaw. Nabunggo ang nurse na naglalakad sa harapan .Dahil dito, nagka-dipirensya sa katawan ang nurse. Kailangang magbayad ang estudyante ng halagang 50,000,000 yen sa naging pinsala.

# Sundin ang Traffic Rules sa Pagbibisikleta

## Maaaring ikaw ang mapinsala?




Ang bisikleta ay madali at kapakipakinabang na bihikular. Ngunit, napapansin na maraming aksidenteng nangyayari dahil sa paglabag sa traffic rules. Sundin ang Traffic Rules at mag-ingat palagi sa pagpapatakbo.

Isaisip natin, 「BUHAY MO, INGATAN MO」


### ALAMIN ANG HALIMBAWA NG AKSIDENTE SA BISIKLETA (Nakaranas ka na ba nito?)

Paglabag sa Stop Sign




Hindi huminto sa crossing na may stop sign. Sa biglang pagtawid, nabunggo ng parating na sasakyan.

Paglabag sa Traffic Signal



Hindi sinunod ang traffic signal. Sa biglang pagtawid, nabunggo ng parating na truck.


Hindi tiningnan kung walang sasakyan na kasunod.



Iniwasan ang nakaparadang sasakyan, biglang kinabig ang handle ng bisikleta pakanan. Hindi tiningnan kung may parating na sasakyan sa likod. Dahil dito, nabunggo ang parating na sasakyan na nasa likod

### Sundin ang 5 Safety Rules sa Pagbibisikleta! (Sa Road Traffic Law ang bisikleta at ang kotse ay parehong bihikular)

- ① Sa kalsada dapat magdaan, hindi sa bangketa.
- ② Sa bandang kaliwa ng kalsada dapat magdaan



□ Ang bangketa ay para sa mga taong naglalakad. Mag slow down sa pagpapatakbo.



- ④ Sundin ang Safety Rules ● Bawal magpatakbo ng lasing ● Bawal mag angkas ● Bawal magpatakbo ng nakahilera

- ⑤ Kahit bata kailangang mag helmet.

● Buksan ang ilaw ng bisikleta sa gabi ● Sundin ang rules sa Traffic signal · Stop sign · Tingnan ang kaliwa't kanan bago tumawid.



Pati rin ang mga taong nasa wastong gulang..



Maaaring maligtas ang buhay kung naka-helmet.